**Kawíng 2.1 (2018): 43-56**

# Persona, Personahe, at Panata: Pagpaparanas ng Karanasan at Pagsipat sa Debosyon sa Bisita ng Santissima Trinidad

## *(Person, Personage, and Commitment: Going Through the Experience and Analysis of Popular Devotion in a Holy Trinity Chapel)*

**Mon Karlo L. Mangaran**
De La Salle University-Manila
mon_mangaran@dlsu.edu.ph

**ABSTRAK**

Makalipas ang ilang daantaon matapos ang kumbersyon ng mga Tagalog bilang mga Kristiyano, nagpapatuloy ang mga ritwal at tradisyon ng mga Pilipino na taliwas sa turo ng simbahan. Isa ang Bisita ng Santissima Trinidad sa Lungsod ng Malolos, Bulacan sa mga dinadayo ng mga deboto dahil sa sinasabing mapaghimalang mga imahen ng Tatlong Persona at kontrobersyal din dahil sa pagkakatiwalag dito ng Simbahang Katoliko. Sa pananaliksik na ito, ituturing na isang buong tanghalan ang Bisita ng Santissima Trinidad at susuriin ang mga ritwal na isinasagawa sa loob ng simbahan gamit ang mga teorya sa pagtatanghal at sisilipin kung paano nito hinuhubog ang kamalayan ng mga deboto at sa proseso ay napapanatili at naipapasa ang bahaging ito ng ating kultura.

**Mga Susing Salita:** Performance Studies, Diana Taylor, popular na debosyon, folk Catholicism, ritwal

~~~

***ABSTRACT***

*Few hundred years may have passed since Filipinos were converted to Christianism, but the rituals and traditions that are contrary to the teachings of the church still persist. In spite of the chapel being renounced by the Catholic church, many devotees visit the Chapel of Santissima Trinidad (Holy Trinity) in the City of Malolos, Bulacan because of the miraculous image of the Holy Trinity. In this research, the Chapel of Santissima Trinidad was treated as a theater, and the rituals being held inside the church were analyzed using Performance theory. The processes were used to explain how the consciousness of its devotees were being shaped, and how it was able to preserve and transfer such culture.*
~~~

.

***Keywords:*** *Performance Studies, Diana Taylor, popular devotion, folk Catholicism, ritual*

~~~

Naalala ko ang isang binatilyo na nagdarasal sa tapat ng imahen ng Mahal na Nazareno. Pagkatapos manalangin, dinukot niya ang isang liham mula sa kanyang bulsa at inihulog sa siwang ng salaming kwadro na pinaghihimlayan ng eskulturang pangrelihiyon. Sa kanyang tabi ay nakahilera ang iba pang imahen na inaalayan ng bulaklak ng mga deboto.

Hindi ko na matandaan kung ano ang isinulat ko noon. Ang tanging alam ko lamang ay tulad ng iba pang pumapasok sa bisita ng Santissima Trinidad, lahat kami ay nangangarap na mabigyang katuparan ang anumang kahilingan na inilapat namin sa kapirasong papel. Marahil, halos lahat sa atin ay naghahangad ng himala lalo na sa panahon ng krisis, sa ekonomiya man o sa pagkatao, at umaasa tayo na may milagrong maihahatid ang mga pananalangin sa mga santo.

Hindi na bago ang ganitong pagsandig natin sa hindi nakikita at ang pananalig sa hindi maipaliwanag. Bahagi na ito ng daantaong tradisyon na mauugat bago pa dumating ang mga Kastila. Marami sa atin, lalo na ang mga nakapag-aral, ay hindi maunawaan kung paanong nakapapanatili ang ganitong uri ng pananampalataya sa gitna ng rasyonalidad na itinuturo ng modernong panahon at itinuturing na mangmang ang mga nagpapatuloy ng ganitong tradisyon. Maipapaliwanag lamang ang penomenong ito sa pag-unawa na susi ang mga ritwal sa mga pook-sambahan tulad ng simbahan upang matandaan, maisagawa, mahasa at maipasa ang kultura ng isang lipunan.

Isang malaking trahedya at komedya ang buhay. Bawat isa sa atin ay aktor na gumaganap ng iba’t ibang katauhan batay sa hinihingi ng pagkakataon sa mundong nagsisilbing isang napakalaking tanghalan. Gamit ang teorya ni Diana Taylor (2016) hinggil sa papel ng pagtatanghal sa pagkatuto, pag-iimbak at pagpapasa ng karunungan, ituturing kong mga pagtatanghal ang bawat eksena sa Bisita ng Santissima Trinidad na aking natunghayan sa ilang ulit na pagsisimba rito. Sisilipin ko ang mga kwento kung paanong naitatag ang Bisita ng Santissima Trinidad at mga naganap na tunggalian sa tanghalang ito. Sa ganitong paraan ay higit na maiintindihan ang kabuuan ng istorya, eksena at karanasan ng mga deboto na hinubog ng pagtatanghal at kasaysayan.
~~~

Ituturing na tagpo ang bawat prosesong aking napagmasdan mula pagpasok ng simbahan, pagpunta sa iba't ibang bahagi ng bisita, pakikinig ng sermon ng pari at pagmamasid sa paligid bago tuluyang umuwi. Isasaalang-alang din sa pagsusuri ang mga props na ginagamit ng iba't ibang karakter sa mga pagtatanghal sa loob ng simbahan upang higit na maintindihan ang kabuuang karanasan na sa aking palagay ay sadyang ipinaparanas sa mga deboto. Nais kong ipakita na ang kilos at gawi ng mga namamanata sa Bisita ng Santissima Trinidad ay hinuhulma ng kanilang pagkakabantad sa iba't ibang tagpo na nagaganap sa loob nito.

**Unang Tagpo: Mito, Milagro't Kasaysayan**

Tulad ng iba pang mito ng kahoy, huling bahagi ng ika-17 siglo (1670-1680) ay sinasabing natagpuan ng magsasaka na nagmamay-ari sa lupang kinatitirikan ngayon ng Bisita ng Santissima Trinidad ang tatlong pirasong kahoy habang inaararo ang kanyang bukid. Pinagdugtung-dugtong niya ito at napansin na mababakas dito ang imahen ng Tatlong Persona. Dahil dito ay pinagtulung-tulungan ng mga mamamayan ng tatlong nayon (Santisissima Trinidad, Barihan at Pinagbakahan) na itayo ang simbahan sa pamamagitan ng pagbibigay ng donasyon mula sa kani-kanilang mga ani upang ipambili ng materyales. Bagamat isa sa pinakamatandang barrio sa Malolos, ang Barihan (na dati'y sinasaklaw ang nabanggit na tatlong nayon) ay nagkaroon lamang ng bisitang yari sa bato noong May 4, 1863.

Mula 1863 hanggang 1900 ay walang pormal na samahan ang direktang namamahala sa Bisita bukod sa matatandang taal sa mga nabanggit na nayon. Nagkaroon lamang ng Samahan ng Katandaan noong 1901 at nahalal bilang pangulo si Ba Ambon De Regla ng Barrio Pinagbakahan. Bilang Bisita, ang Santissima Trinidad ay pinagmimisahan noon ng Kura mula sa simbahan ng Barasoain dalawang beses isang taon.

Napansin ng mga deboto na habang tumatagal ay lalong lumilinaw ang bakas ng Tatlong Persona sa natagpuang kahoy kung kaya't naging tanyag ang bisita at dinadayo ng mga mananampalataya mula sa iba't ibang panig ng Luzon, lalo pa't may iba pang sinasabing himala na nangyari rito. Ayon sa kwento, bago dumating ang mga Hapon noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, bumuo ang mga anay ng imahen sa pader ng simbahan gamit ang kanilang mga bakas na nagpapakita ng mga tangke at mga sundalong Hapon na may hawak ng baril, at dahil dito ay nabigyang babala ang baryo. Ganito rin ang nangyari noong bumalik ang mga sundalong Amerikano bago matapos ang giyera.

Dahil na rin sa papalaking bilang ng mga nagsisimba, nagpasya ang Samahan ng Katandaan noong huling bahagi ng dekada ‘80 na ipaayos, palakihin at pagandahin ito, na naisagawa sa tulong na rin ng isang milagro. Ayon sa kwento, isang may-ari ng pagawaan ng semento sa Laguna ang dumating sa Santissima Trinidad at ipinagtanong kung saan matatagpuan ang sirang Bisita. Aniya, may tatlong kabataang nakabisikleta ang dumating sa kanyang tahanan at kinausap siya upang sabihin na magpunta sa kanilang Bisita dahil sira na ito. Nalingat lamang ang may-ari ng pagawaan ng semento ay nawala na ang tatlong bata at labis ang pagtataka niya kung paanong nakarating ang tatlong kabataan sa Laguna na sakay lamang ng bisikleta. Dahil dito, nagpasya siyang hanapin ang bisita na binanggit ng mga kabataan at matapos niyang makita ang dibuho sa kahoy ng Tatlong Persona ay naisip niya na ang mga ito ang nagtungo sa kanya. Napansin niyang wala na sa maayos na kundisyon ang Bisita, kung kaya’y nagpadala siya ng isang truck na semento na ginamit sa pagtatayo ng simbahan, na pinunan ng iba pang materyales mula sa donasyon ng mga taga-nayon at deboto.

Dahil sa ang mga taga-nayon ang nagpundar o nagtulung-tulong upang maitayo ang simbahan, masasabing nagkaroon sila ng komunal na pagmamay-ari sa Bisita ng Santissima Trinidad at nagsisilbing kapangyarihang pampulitika ang Samahan ng Katandaan na siyang nagdedesisyon sa anumang usapin na may kaugnayan sa simbahan. Mahalagang bigyang-diin ang katotohanang ito upang maintindihan ang mga tunggaliang naganap at nagaganap kaugnay ng pananampalataya ng mga deboto ng Bisita ng Santissima Trinidad.

### Ikalawang Tagpo: Tradisyon, Relihiyon at Tunggalian

Dekada ‘80, nagretiro ang Kura Paroko ng Barasoain na si Msgr. Angel V. Pengson at hiniling niya sa noo’y Obispo Cirilo Almario Jr. na payagan siyang manatili sa Bisita ng Santissima Trinidad. Nakipag-usap si Msgr. Pengson sa Samahan ng Katandaan na payagan siyang manirahan sa Bisita sa panahong siya ay nabubuhay, kapalit ang pagpapasigla sa buhay - pananampalataya ng mga nayon sa paligid ng Bisita. Sumang-ayon ang samahan at simula nito ay naging mala-Parokya ang gampanin ng simbahan at nagtatag na rin ng iba’t ibang organisasyon tulad ng PAKRISPAM, Adoracion Nocturna, at Pastoral Council. Bunga nito, patuloy na lumago ang bilang ng mga deboto at naging tanyag ang bisita kung kaya naman maging kasal ay pinapayagan na ring idaos dito.

Sa paghina ng kalusugan ng Kapelyan ng Bisita na si Msgr. Pengson, regular na nagpadala ng pari ang Diyosesis ng Malolos upang patuloy na makapagmisa rito. Dahil na rin sa paparaming bilang ng nagsisimba, nagsagawa ng information drive ang

Diyosesis hinggil sa kanilang planong gawing Parokya ang Bisita ng Santissima Trinidad, subalit matapos ang botohan sa tatlong nayon ay lumabas na hindi sila sang-ayon dito. Anila, nais nilang manatili na lamang itong Bisita upang palagiang maging bukas sa sinuman na nais pumasok dito, hindi tulad ng Parokya na isinasara pagkatapos ng misa.

Sa kabila ng hindi pagsang-ayon ng mga taga-baryo ay patuloy na nagpadala ng pari ang Diyosesis ng Malolos, bagamat noong Pebrero 1998 ay nagbaba ng dekreto ang noo'y Obispo Rolando Tria Tirona na nag-uutos na isang misa lamang kada linggo ang gaganapin sa Bisita ng Santissima Trinidad. Kinausap ng Samahan ng Katandaan ang isang paring katoliko upang makapagsagawa ng karagdagang misa bawat linggo, subalit pinigilan siya ng isang kura paroko dahil sa siya lamang diumano ang may karapatang magmisa rito.

Lalong lumaki ang sigalot noong 1999 ng naghain ang Diyosesis ng Malolos ng Ejectment at kasong Trespassing laban sa Samahan ng Katandaan dahil sa diumano'y ang lupang kinatitirikan ng Bisita at maging ang istruktura nito ay pagmamay-ari ng Diyosesis. Habang dinidinig ito ay tuloy pa rin ang pagdaraos ng misa sa Bisita tuwing Linggo ng umaga.

Enero 2000, nawala ang Monstrance ng Bisita ng Santisima Trinidad na naiwan ni Msgr. Pengson, na pumanaw noong Disyembre 1998. Pag-aari ito ng Bisita sapagkat galing dito ang salaping ginamit ni Msgr. Pengson para bilhin ito noong nagtungo siya sa Roma. Nagsadya sa Himpilan ng Barangay Barihan ang Samahan ng Katandaan upang magsampa ng reklamo laban sa paring Katoliko na nagmimisa noon sa Bisita. Matapos nito ay hindi na muling nagkaroon ng misa sa Bisita mula Pebrero hanggang Setyembre 2000, maliban na lamang noong Hunyo 17-18, 2000 kung kailan nagmisa si Fr. Ventura Galman upang ipagdiwang Dakilang Kapistahan ng Santissima Trinidad .

Muling nagtungo sa Bisita si Fr. Galman noong Oktubre 2000 at ipinakita sa pangulo ng Samahan ng Katandaan ang kanyang appointment paper mula sa Obispo na naghirang sa kanya bilang Kura Paroko ng Santissima Trinidad. Umalis na bigo ang pari dahil hindi siya tinanggap ng pangulo sa dahil sa sumusunod na kadahilanan: (1) hindi parokya ang simbahan ng Santissima Trinidad, (2) kailangang pagpasyahan ng Samahan ng Katandaan at mamamayan ng tatlong nayon ang pagpapatira ng pari sa Bisita sa pamamagitan ng isang halalan, (3) may usapin pa sa Hukuman na dinidinig hinggil sa pagmamay-ari ng lupang kinatitirikan ng Bisita.

Dalawang beses muling tinangka ni Fr. Galman na pasukin ang Bisita ng Santissima Trinidad noong Marso 2001 (Union of Catholic Asian News Limited) kasama

ang ilang kasapi ng Samahan ng Katandaan, subalit lagi silang bigo na kumbinsihin ang ibang miyembro nito. Hanggang Oktubre 2001 ay tinangkang kumbinsihin ni Fr. Galman ang Samahan ng Katandaan upang tanggapin siya bilang Kura, subalit nanatili ang paninindigan ng mga kasapi nito na hindi Parokya ang Santissima Trinidad at kinakailangan munang isangguni sa mga mamamayan kung tatanggapin siya upang makapagmisa rito.

Magkakaroon sana ng pag-uusap sa pagitan ng Diyosesis ng Malolos at Samahan ng Katandaan noong Nobyembre 6, 2001 upang lutasin ang suliranin ng magkabilang panig, subalit ikalabing-isa pa lamang ng hatinggabi noong Nobyembre 5, 2001 ay sapilitang pinasok ng isang grupo sa pangunguna ni Fr. Galman ang Bisita ng Santissima Trinidad, at dahil sa sarado na ito ay sinasabing sinira nila ang kandado ng gate at maging ang kampana na ginagamit upang magbigay-hudyat kung sakaling may problema sa Bisita. Gayundin, nilimas diumano ng grupo ang laman ng donation box at nagkulong sa loob ng simbahan.

Matapos mabalitaan ang nangyari ay agad na nagtungo ang pamunuan ng katandaan kasama ang iba pang deboto ng Santissima Trinidad at nagpupuyos ang damdamin na nagbarikada sa labas ng bisita. Nakalulungkot ang eksena dahil ang karamihan sa mga nasa loob na “maka-Parokya” ay kamag-anak at kaibigan rin ng mga nasa labas na kasapi ng Samahan ng Katandaan at deboto ng Santissima Trinidad.

Sa galit ng tagapangulo ng katandaan ay pina-welding niya ang lahat ng gate ng simbahan maliban sa harapang tarangkahan nito. Gayundin ay ipinapatay niya ang main switch ng kuryente at maging linya ng tubig. Dahil na rin sa init sa loob ng Sakristiya ng simbahan kung saan nagkulong ang grupong umukopa rito ay naobliga silang lumabas at dumaan sa harapan mismo ng mga nagbarikadang mga deboto.

Matapos ang insidente, kapwa nagsampa ng asunto ang magkabilang-panig sa hukuman. Tuluyan na ring itiniwalag ng simbahang Katoliko ang Bisita ng Santissima Trinidad at hindi na kailanman nagpadala ng pari upang magmisa rito.

Sinasalamin ng tunggalian sa pagitan ng Diyosesis ng Malolos at mga deboto ng Bisita ng Santissima Trinidad ang hindi ganap na pagpapailalim ng mga Pilipino sa Kristiyanismo. Hindi mapaghihiwalay ang usapin ng wika, pagsasalin, at popularisasyon sa isyung kasaysayan, lipunan at pagkatao (Tolentino 73) kung kaya’t mahalaga ang naging ambag ni Rafael sa pagsusuri sa paggamit ng wikang bernakular bilang bahagi ng kolonisasyon ng Espanya sa Pilipinas. Ayon kay Rafael, hindi lubusang naunawaan ng mga Pilipino ang mga aral ng Kristiyanismo dahil karaniwang nasa wikang Castilian

ang sermon ng mga prayle at hindi naiintindihan ng karamihan sa mga Pilipino. Mula sa ilang mga salitang naiintindihan nila ay inilalagay nila sa sariling konteksto ang nadinig na sermon (2). Bagamat isinalin ang mga doktrinang Kristiyano sa wikang bernakular, nagkaroon ng ibang pagpapakahulugan dito (Rafael 21). Isang halimbawa rito ang pasyon na tumatalakay sa buhay at kamatayan ni Hesukristo na nagsilbing daluyan upang ipahayag ang pagpapahalaga, mithiin, at maging paghahangad ng kalayaan ng mga Pilipino (Ileto 12). Isa rito ang kwento ni Apolinario Dela Cruz, mas kilala sa tawag na Hermano Pule, na isinilang sa Lucban, Tayabas (kilala ngayon bilang lalawigan ng Quezon) at nagtatag ng Cofradia de San Jose na isa sa naglunsad ng rebolusyon laban sa mga Kastilang mananakop. Ang kanyang paglalakbay sa iba't ibang bayan upang dala ang mabigat na kahon na lalagyanan ng limos para sa simbahan ay inihalintulad niya sa pagpapakasakit ni Hesukristo at itinuring ang kanyang sarili bilang Kristo ng mga Tagalog (Ileto 29-73). Sinasabing simbolikal rin ang pagtungo ni Bonifacio sa kweba ng Bundok Tapusi sa San Mateo, Rizal noong Biyernes Santo noong April 1985 upang lumikha ng paniniwala na nakalaya na ang Kristo ng mga Tagalog na si Bernardo Carpio (Ileto 99-103). Maging ang paraan ng pagkakamit ng anting-anting ay batay sa buhay at kamatayan ni Hesukristo, kung saan ang mga ritwal na kaugnay nito ay isinasagawa mula Miyerkules Santo hanggang Biyernes Santo. Ang mismong paghahangad na ito ng kapangyarihan sa panahong sinasabing patay si Hesukristo ay maituturing rin na isang rebelyon ng mga Tagalog sa mga aral ng Simbahang Katoliko.

Sa proseso ng asimilasyon sa Kristiyanismo, nagawa nating ikubli ang ating mga sinaunang tradisyon na hanggang ngayon ay isinasagawa sa iba't ibang simbahan sa bansa tulad ng Bisita ng Santissima Trinidad.

## Ikatlong Tagpo: Kagalingan, Kahilingan at Kaliwanagan

Sa kagustuhan ng mga nakatatanda na magpatuloy ang pagmimisa sa bisita, naghanap sila ng pari at dito nila nakilala si Fr. Jaime Magracia, isang spiritual catholic priest na hanggang sa kasalukuyan ay nagmimisa pa rin sa bisita. Tuwing Biyernes at Linggo ay dalawang beses na nagsasagawa ng misa si Fr. Magracia, habang mayroong apat na misa tuwing unang Biyernes ng buwan dahil na rin sa dami ng deboto na nagpupunta sa nasabing araw**.** Sa nasabing araw rin ako nagpasyang dumalo sa misa upang pagmasdan at suriin ang mga ritwal at pagtatanghal sa loob nito.

Pagpasok pa lamang ng gate ay mapapansin sa bandang kanan ng simbahan ang mga nakaupong faith healer na tinatawag na “medico” upang manghilot at manghula. Hindi naniningil ang mga medico at tumatanggap lamang ng kahit magkanong halaga bilang donasyon. Paglapit ng nagpapagamot ay itatanong ng medico kung ano ang

karamdaman ng pasyente at gamit ang langis ay hihilutin ang masakit na bahagi ng katawan nito. Matapos ang panghihilot ay aalukin nila ang pasyente na bumili ng langis na sinasabing makakaginhawa sa kanilang karamdaman.

Kakatwa na nagaganap ang eksenang ito sa mismong bakuran ng simbahan at nagsisilbing unang manipestasyon na hindi nadidiktahan ng paniniwala ng simbahang Katoliko ang pagpapatakbo sa espasyo ng Bisita, lalo pa at tinututulan ng simbahang Katoliko ang ganitong uri ng panggagamot.

Sa aking palagay, malaki ang papel ng mga medico upang lumikha ng persepsyon sa mga nagsisimba rito na magdudulot ng kagalingan ang pagpasok sa simbahan. Mahalaga ring banggitin na pawang kababaihan ang mga medico, na tila nagbabalik sa kababaihan sa kapangyarihang taglay nito bago dumating ang mga Kastila. Ayon nga kay Veneracion, anumang pagtatangka na suriin ang pinagmulan ng pagiging relihiyoso ng mga Pilipino ay kailangang magsimula sa mga babaylan ng Bisaya o catalonan ng Tagalog (1). Karaniwang babae ang babaylan o catalonan, o kung hindi man ay lalakeng nakasuot pambabae tuwing nagsasagawa ng ritwal. Sinasabing taglay ng babaylan ang kapangyarihang magpagaling ng may sakit o mahulaan ang tamang panahon ng pagtatanim at pag-ani. Sa tuwing may nagkakasakit sa isang komunidad, nagsasagawa ang babaylan ng ritwal upang tawagin ang mga makapangyarihang anito na tulungan at tanggapin ang naghihingalo bilang isa sa kanila. (Veneracion 2).

Sa panahon ng pananakop ng mga Kastila, tinangka ng mga prayle na magampanan ang panlipunang tungkulin ng mga babaylan tulad ng panggagamot sa maysakit at papel nito sa pag-alam ng tamang panahon ng pagtatanim at pag-ani (Veneracion 4). Nagbuo rin ang mga prayle ng mga cofradia na ang pangunahing layunin ay maibsan ang impluwensya ng mga babaylan sa mga maysakit at naghihingalo (Rafael 186).

May mga pagkakataon na ang mga pinaghihinalaang babaylan ay tinatawag na bruha at ipinaparada sa paligid ng bayan o ang sinumang sinapian ng anito ay sinasabing may problema sa pag-iisip. Dahil dito, may dalawang pagpipilian lamang ang mga relihiyosong kababaihan sa panahon ng Kastila: ang pumunta sa kabundukan upang patuloy na makapagsagawa ng mga ritwal o di kaya'y ang magbuo ng religious communities na nakaugnay sa mga parokya na kalaunan ay tinawag na mga beata (Veneracion 5). Hanggang sa kasalukuyan, may mga babaylan pa rin partikular sa silangang bahagi ng Visayas na nagpapatuloy ng ritwal at tradisyon nito.

Sa tabi ng mga makabagong babaylan, may mga nagtitinda ng iba't ibang relikya tulad ng rosaryo at pulseras. Maihahalintulad ang mga itinitindang relikya sa anting-anting na pinaniniwalaang nagkakaloob ng kapangyarihan sa sinumang nagtataglay nito. Maging ang mga kasapi ng Katipunan at iba pang rebolusyunaryo ay may kanya-kanyang anting-anting na pinapaniwalaan nilang maglalayo sa kanila sa kapahamakan. Ang ilan sa kapangyarihang taglay ng anting-anting (bagay o maging tao) ay naipapasa sa tao na malapit dito at ang pagkawala nito ay nangangahulugan ng trahedya at magpapahina sa kalagayan ng loob o inner being nito (Ileto 27).

Sa bandang kaliwa ng simbahan, makikita ang mga mesa na puno ng kandila na may iba't ibang hugis, laki at kulay. May kulay pula at hugis tao para sa pagdarasal sa Sagrada Familia. Labinlimang piso ang kada set nito at matapos sindihan ay kailangang magdasal ng tatlong Ama Namin, tatlong Aba Ginoong Maria at tatlong Lualhati bago humiling. Ang ibang kandilang kulay pula ay para sa pagdarasal sa Mahal na Nazareno. Samantala, ang kulay puti ay para sa anumang kahilingan (wish candle), ang berde ay para sa hanapbuhay, habang ang dilaw ay para sa pagdarasal para sa kaluluwa ng namayapa o sa Mahal na Birhen ng Fatima. Bago sindihan ang kandila, kailangan munang sambitin ng mga mananampalataya ang sumusunod na panalangin:

*Dios ama sa langit*
*Ang liwanag ni Hesukristo*
*Ay laganap sa sanlibutan*
*Na simbuyo ng galit at kasalanan*

*Hayaan mong ang liwanag*
*ng katotohanan ang maging gabay ko*
*Patungo sa iyong kaharian*
*Pag-alabin mo ang aking puso at*
*Punuin ng iyong biyaya*

*Pamalagiin mo ako sa katotohanan*
*Punuin mo ang aking puso*
*ng iyong pag-ibig, nagsusumamo ako*
*Na ako'y iyong tulungan*
*Sa aking panalangin*

*Ang lahat po ng ito'y isinasamo kong*
*Ipagkaloob mo sa akin sa pamamagitan*
*Ng anak mong si Hesus*

*Amen*

*Ama Namin*
*Aba Ginoong Maria*
*Luwalhati*

Ang ritwal na ito ay maituturing na paghahanap ng kaliwanagan ng loob na magsisilbing ilaw sa landas na tatahakin ng deboto. Ayon kay Covar, ang pagkataong Pilipino ay may labas at may loob. (10) Naging bahagi ng hindi iilang pag-aaral ang hinggil sa loob ng pagkataong Pilipino, kabilang na ang isinagawa ni Ileto na nagsabing ang loob ang nagtatakda ng tunay na kabuluhan at halaga ng pagkatao (22). Sa ganitong paraan din ay nakatatagpo ng kaliwanagan ang sinumang nakakaranas ng kadiliman na dulot ng mga problema at kawalang-katiyakan ng buhay.

Nagsimula ang misa na pinangunahan ni Fr. Magracia at sa unang tingin ay tila kapareho rin naman ang proseso nito sa isinasagawang misa ng simbahang Katoliko. Habang nagaganap ang banal na pagdiriwang ay hindi magkamayaw ang mga nagtitinda ng sampaguita sa pagsalubong sa mga namamanatang dumarating sa simbahan. Isinasabit ng deboto ang sampaguita sa mahigit 20 imahen, poster at painting na nakahilera sa kanang bahagi ng simbahan.

Pangunahin sa mga imahen ang tatlong dibuho ng Tatlong Persona: ang La Santisima Trinidad de Mayor, Santisima Trinidad na Bata at Trisahiyo. Itinuturing ang una bilang pinakamatandang Trinitarian icon sa Pilipinas at sinasabing iginuhit noon pang 1500, habang ang dalawa pang imahen ay iginuhit noong ika – 17 siglo. Itinuturing ng mga deboto na mapaghimala ang mga nasabing imahen. Noon lamang 2004, nanalo ng P23 milyon sa lotto ang isa sa mga kasapi ng Samahan ng Katandaan, habang ang kanyang apo ay nanalo ng kotse sa isang raffle. Hindi rin mabilang ang mga kwento ng karamdaman na pinagaling ng Santissima Trinidad.

Bukod sa mga nabanggit, dinadayo rin ang Mahal na Nazareno kung saan may mga deboto na nagsisingit ng liham na naglalaman ng kanilang kahilingan at kumakatok sa salaming kwadrong himlayan nito bago kausapin ang santo. Mayroon ding imahen ng Sto. Niño na karaniwan ding inaalayan ng bulaklak ng mga deboto.

Masasabing nasa estado ng liminalidad ang mga deboto kung saan sa sandaling panahon ay nabubura ang social class na kanilang pinagmulan at kapansin-pansin na magkakaiba ang kasarian, edad at estado ng pamumuhay ng mga deboto ng Santissima

Trinidad at may kanya-kanya rin silang paraan ng pamamanata. May mga deboto na sa Mahal na Nazareno, sa Santissima Trinidad o Santo Niňo lamang nananalangin, habang ang ilan ay isa-isang hinihipo ang mga imahen o ang salaming kwadro na pinaglalagyan nito upang mag-alay ng sampaguita at magdasal.

Mahalaga ring pagtuunan ng pansin na nangyayari ang pagtatanghal ng pananampalataya ng mga deboto habang nagaganap ang misa, na tila ba wala silang pakialam sa nagaganap na banal na pagdiriwang at sa sermon ng pari. Masasabing hindi ang salita ng diyos ang ipinunta ng mga deboto sa simbahan kundi ang katuparan ng kahilingan o lunas sa kanilang karamdaman na maaaring ipagkaloob sa kanila ng pamamanata sa mga eskulturang pangrelihiyon. Ayon nga kay Ileto, hindi palaging nariyan ang mga nono sa kamalayan ng mga Pilipino noon. Sa panahong nakalagpas na mula sa panganib o nakamit na ang anumang ninanais ay nakakalimutan na ang mga nono hanggang sa dumating ang panahon na muli silang magkaroon ng sakit o malagay sa isang walang-katiyakang sitwasyon. (113)

Ang debosyon sa mga imahen ay walang pinagkaiba sa ritwal na isinasagawa noon ng mga Pilipino sa mga bagay na inaakala nilang tahanan ng mga nono o anito. Kapag pumanaw ang isang tao, ang kaluluwa niya ay nagiging anito na may dalawang uri: (1) ang anito ng ating ninuno at (2) ang anitong nagbabantay ng kalikasan (Covar 14). Sa pamamagitan ng mga eskulturang pangrelihiyon, nagawang bawiin ng mga Pilipino ang sistema ng paniniwala at kultura na inagaw sa atin ng mga Kastila gamit ang mismong sandata nila sa pananakop: ang Kristiyanismo.

Nakatuon ang sermon ni Fr. Magracia hinggil sa pamamanata. Kinilala niya na ang karamihan sa mga nagsimba ay pawang mga dayo at namamanata sa Santissima Trinidad. Sinabi niya na ang pamamanata ay dapat tuluy-tuloy o kung hindi ay huwag na lamang mamanata. Matapos nito ay tinanong n'ya kung sino sa mga nasa simbahan ang napagaling ng kanilang debosyon sa Santissima Trinidad at nasa mahigit sampu ang nagtaas ng kamay. Matapos nito ay sinabi ng pari na papurihan ang ating Panginoon at nagpalakpakan ang mga dumalo ng misa.

Kakaiba ang naging bahaging ito ng sermon ng pari dahil sa karaniwang hindi itinuturing ng Simbahang Katoliko na isang milagro ang isang pangyayari kung hindi ito dumaan sa mahabang proseso ng pagsusuri at kumpirmasyon ng simbahan. Sa aking palagay ay sadyang binibigyang-diin na may mga debotong gumaling dahil sa kanilang pananampalataya upang lumikha ng matibay na paniniwala kahit sa mga unang beses pa lamang nakatuntong sa Bisita ng Santissima Trinidad.

Hindi rin pangkaraniwan ang komunyon. Pagkatapos na tanggapin ang ostiya ay may nakahandang inumin na nagsisilbing alak na kumakatawan sa dugo ni Kristo. Sa ganitong paraan, nagiging ganap ang pagpaparanas ng karanasan ng pagiging kaisa sa piging ng ating Panginoon, ang pagtanggap ng kaligtasan sa mga kasalanan na tinubos ng kaniyang dugo.

**Ikaapat na tagpo: Pagsasara ng Telon**

Pagkatapos ng misa, muli akong lumapit sa Mahal na Nazareno habang nakatingin sa altar ng simbahan. Ilang taon na rin mula ng inihulog ko ang liham at hindi ko na rin alam kung natupad ba ang kahilingang inilapat ko rito. Ang natitiyak ko lamang ay marami sa mga nagsimba sa araw na iyon ang muling babalik sa Bisita ng Santissima Trinidad upang patuloy na hilingin na matupad ang kani-kanilang hiling. Mula pagpasok pa lamang ng simbahan, naging bahagi ang mga deboto ng karanasan ng pagtagpo ng kagalingan, kaliwanagan, katuparan at kaligtasan na sadyang ipinaparanas ng mga aktor sa loob ng simbahan. Malaki ang bahagi ng bawat pagtatanghal na ito sa pagpapatibay ng pananampalataya ng mga deboto at patuloy na umasa sa milagro na maaaring idulot nito sa kanila.

Sinasalamin ng mga eksena na nagaganap sa Bisita ng Santissima Trinidad ang tradisyon at sistema ng paniniwala ng mga Pilipino na nagawang makapanatili sa kabila ng kumbersyon sa Kristiyanismo. Mahalaga ang papel na ginagampanan ng patuloy na pagsasagawa ng ritwal ng mga mananampalataya upang matandaan, maisagawa, mahasa at maipasa ang mga tradisyong ito. Sa pagtatanghal ng mga aktor at sa pamamagitan ng mga imahen, relikya at iba pang props sa paligid ng Bisita ng Santissima Trinidad, patuloy na dadagsa ang mga deboto rito. Sa huli, isa lamang ang kahilingang mababanaag sa kilos at gawi ng mga namamanata: isang malayang pananampalataya para sa lahat.

**SANGGUNIAN:**

Alfanta, Hillary at Catan, Angelli Monique. 2014. *Ang Dalawang Bahay Sambahan ng Santisima Trinidad sa Malolos, Bulacan*. Bulacan State University, Lungsod ng Malolos.

Castro, Alex. 2017. “Lost for 36 years: Larawan ng Santisima Trinidad of Brgy. Santisima Trinidad, Malolos.” https://andalltheangelsandsaints.blogspot.com/search?q=santisima+trinidad

Covar, Prospero. 1998. *Larangan: Seminal Essays on Philippine Culture*. Sampaguita Press, Maynila.

Ileto, Reynaldo. 1997. *Pasyon and revolution: popular movements in the Philippines 1840 – 1910.* ADMU Press, Lungsod ng Quezon.

Macdonald, Charles. 2004. Folk Catholicism and Pre-Spanish Religions in the Philippines. *Philippine Studies*, 52(1), 78-93. http://www.jstor.org/stable/42633685

Union of Catholic Asian News Limited. 2001. “Parish run from resort while church woos elderly villagers.” https://www.ucanews.com/story-archive/?post_name=/2001/03/27/parish-run-from-resort-while-church-woos-elderly-villagers&post_id=18143

Pierse, Gerry. 1991. Popular Religiosity: A Philippine Experience. *The Furrow*, 42(4), 232-236. http://www.jstor.org/stable/27661952

Rafael, Vicente. 1998. *Contracting colonialism: translation and Christian conversion in Tagalog society under early Spanish rule*. ADMU Press, Lungsod ng Quezon.

Santisima Trinidad de Malolos. 2017. https://sanlazarodebetania.wordpress.com/2017/06/22/santisima-trinidad-de-malolos/

Schumacher, John. 1984. Syncretism in Philippine Catholicism Its Historical Causes. *Philippine Studies*, 32 (3), 251-271. https://www.jstor.org/stable/42632710

Taylor, Diana. 2016. *Performance.* Duke University Press Books.

Tolentino, Rolando. 2004. *Disaster, Droga, at Skin Whitener.* Anvil Publishing, Lungsod ng Pasig

Valerio, Eusebio (2014, Nobyembre). Personal na pakikipanayam.

Veneracion, Jaime. 1992. “From Babaylan to Beata: A Study on the Religiousity of Filipino Women.” Review of Women's Studies 3 (1) 1-15.

**Tungkol sa may-akda:**

**MON KARLO L. MANGARAN**

Nagtapos ng Master sa Sining sa Araling Filipino – Wika, Kultura at Midya sa De La Salle University at kasalukuyang mag-aaral ng Doktor sa Pilosopiya sa Araling Filipino – Wika, Kultura at Midya sa nasabing pamantasan. Kasalukuyang Assistant Professorial Lecturer sa Departamento ng Filipino ng De La Salle University (DLSU). Maliban sa pagiging guro ay aktibo siya sa paglilingkod sa kanilang barangay. Naging Kalihim ng Panlungsod na Pederasyon ng Sangguniang Kabataan at nasa kaniyang ikalawang termino bilang Barangay Kagawad. Itinanghal na Mananaysay ng Taon 2010 sa Gawad Surian sa Sanaysay ng Komisyon sa Wikang Filipino at nagkamit din ng Karangalang Banggit sa parehong patimpalak noong 2013.